


7

# FILIPINO

## Ikalawang Markahan – Modyul 10: Paggamit ng mga Kumbensyon sa Pagsulat ng Awitin: Pangwakas na Gawain



**Filipino – Ikapitong Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 10: Paggamit ng mga Kumbensyon sa Pagsulat ng  
Awitin: Pangwakas na Gawain**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** ROSELLE JOYCE Y. EGALAN  
**Editor:** LELITA A. LAGUDA  
**Tagasuri:** VIRGILINA L. CABAYLO / SALLY A. PALOMO  
**Tagaguhit:** IHRYN T. JARANILLA  
**Tagalapat:** GUINEVIER ALLOSO  
**Tagapamahala:** ALLAN G. FARNAZO  
GILBERT B. BARRERA  
ARTURO D. TINGSON, JR.  
PETER VAN ANG-UG  
JULIET F. LASTIMOSA  
SALLY A. PALOMO  
GREGORIO O. RUALES

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region XII**

Office Address:

Telefax:Office Address:Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal

Telefax:(083) 2288825/ (083) 2281893

E-mail

Address:depedroxii.org Email: region12@deped.gov.ph

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan



## **Alamin**

Ang modyul na ito ay binuo para sa iyong sariling pagkatuto. Isa ito sa iyong magiging gabay kahit wala ang iyong guro na magtuturo sa loob ng paaralan. Layunin ng modyul na ito na linangin ang iyong kakayahan at kaalaman sa bawat aralin.

### **Pinakamahalagang Kasanayan sa Pampagkatuto:**

**Nagagamit ang mga kumbensyon sa pagsulat ng awitin (sukat, tugma, tayutay, talinghaga at iba pa) F7WG-IIj-2**

Pagkatapos pag aralan ang aralin sa modyul na ito ang mga mag aaral ay inaasahang:

1. Natutukoy ang kahulugan ng awit at mga elemento nito, at
2. Nakagagawa ng sariling awitin gamit ang kumbensyon ng awit (sukat, tugma, tayutay, talinghaga at iba pa)



## **Subukin**

Subukin mong sagutin ang mga paunang pagsusulit. Sa pamamagitan nito ay malalaman ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin. Basahing mabuti ang bawat katanungan at bigyang pansin ang tanong na hindi masasagutan nang wasto at alamin ang sagot sa iba't ibang bahagi ng modyul na ito. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

\_\_\_1. Ito ay nagpapahayag ng mga kaisipan, mga damdamin, mga karanasan, at mga hangarin ng tao. May layunin itong makapang-aliw at makapagbigay aral sa mga mambabasa.

- a. wika                      b. panitikan                      c. awit                      d. tula

\_\_\_2. Isang uri ng akdang pampanitikan na naglalarawan ng buhay, hinango sa guniguni, ipinararating sa ating damdamin, at ipinapahayag sa pananalitang may angking tono.

- a. dula                      b. tula                      c. maikling kuwento                      d. nobela

\_\_\_3. Tumutukoy ito sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong.

- a. tugma                      b. talinghaga                      c. sukat                      d. tayutay

\_\_\_4. Ito ay binubuo ng pangkat ng mga taludtod sa isang tula.

- a. saknong                      b. sukat                      c. tugma                      d. talinghaga

\_\_\_5. Ito ay bilang ng pantig sa isang taludtod.

- a. talinghaga                      b. tayutay                      c. tugma                      d. sukat

\_\_\_6. Isa itong katangian ng tula na magkasintunog ang mga huling pantig ng salita sa bawat taludtod.

- a. talinghaga                      b. sukat                      c. tugma                      d. tayutay

\_\_\_7. Isang elemento ng tula na tumutukoy sa nakatagong kahulugan ng tula.

- a. sukat                      b. talinghaga                      c. tugma                      d. sukat

\_\_\_8. Alin sa mga sumusunod ang mga salitang magkatugma?

- a. bayan:kabataan                      b. tula:bolo                      c. suka:suki                      d. maganda:marikit

\_\_\_9. Isa sa mga napakahalagang elemento ng tula na ginagamitan ng mga matatalinghangang salita at mga tayutay upang maitago ang malalim na kaisipan ng tula.

- a. sukat                      b. tugma                      c. kariktan                      d. talinghaga

\_\_\_10. Ito ay isang uri ng tulang liriko na tradisyonal na binubuo ang saknong ng tig-aapat na taludtod na may labindalawang pantig.

- a. awit                      b. soneto                      c. dalit                      d. elehiya

\_\_\_11. Sinasabi ng mga manunulat na ang \_\_\_\_\_ ay maaring may tatlong interpretasyon. Maaring sa yaong manunulat, sa guro at mag-aaral bagamat ang pinakadiwa nito ay nito ay iisa lamang.

- a. dula                      b. tula                      c. sukat                      d. korido

\_\_\_12. Ang sumusunod na dalawang taludtod ay may sukat na \_\_\_\_\_.

Kapagka ang baya'y sadyang umiibig

Sa kaniyang salitang kaloob ng langit

- a. lalabindalawahin                      b. apatin                      c. wawalohin                      d. lalabing-animin

\_\_\_13. Ito ay tumutukoy sa pagbaba at pagtaas ng tono o pagbigkas ng mga salita.

- a. talinghaga                      b. indayog                      c. tayutay                      d. sukat

\_\_\_14. Ginagamit ang mga \_\_\_\_\_ upang maitago ang totoong nilalaman ng tula.

- a. simpleng salita
- b. matatalinghagang salita
- c. pangkantong salita
- d. ordinaryong salita

\_\_\_15. Ito ay isang uri ng tula na tuwirang sinasabi ng makata sa mambabasa ang kaniyang iniisip at nararamdaman. Karaniwang ipinapahayag na may himig o saliw ng musika.

- a. Tulang Pasalaysay
- b. Tulang Liriko
- c. Tulang Patnigan
- d. Tulang Pantanghalan

## Aralin

# 1

## Kumbensyon sa Pagsulat ng Awit

Ang pagsulat ng tula ay naiiba sa ibang uri ng panitikan sapagkat ito ay nangangailangan ng masusing pagpili ng mga salita, pagbilang ng pantig, at pagtutugma ng mga salita upang maipadama ang isang damdamin o kaisipang nais ipahiwatig. Bagamat sa kasalukuyang panahon ay unti-unti nang nawawala ang sukat at tugma sapagkat ang mga bagong manunulat ay naniniwala sa kaisipang malayang taludturan. Sa araling ito ay mararanasan mong sumulat ng sarili mong awitin na mayroong sukat, tugma, tayutay, talinghaga at iba pa.



### ***Balikan***

Binabati kita sa iyong pagsagot sa bahaging Subukin. Kumusta? Nakuha mo bang sagutan lahat ng tama? Kung hindi, huwag mag-alala sapagkat makikita mo sa bawat bahagi ng modyul na ito ang mga kasagutan.

Alam mo ba na ang tula ay isang uri ng panitikan na masining sapagkat nangangailangan ito ng malawak na kaalaman sa pagpili ng salita. Sabi ng isang manunulat na si Lord Macaulay ang pagtula ay panggagagad at ayon sa kaniya ito ay kahawig sa sining ng pagguhit, paglilok, at pagtatanghal. Naalala mo pa ba ang mga uri ng tula at ang mga elemento nito? Sapagkat isa sa mga ito ang ating tatalakayin.



### ***Mga Tala para sa Guro***

Sa modyul na ito ay malalaman mo ang kahulugan ng awit at ang mga elemento nito at mararanasan mo ring gumawa ng sarili mong awitin gamit ang mga elemento ng awit (*sukat, tugma, tayutay, talinghaga at iba pa*).



### ***Tuklasin***

Basahin/Awitin Mo.....

Nasiyahan ka ba sa gawaing iyong sinagutan? Ang sinagutan mong gawain ay may kinalaman sa ating tatalakayin.

Handa ka na ba? Simulan mo na ang pagbabasa/pag awit.

#### **“Dandansoy”**

Dandansoy, bayaan ta ikaw  
Pauli ako sa payaw  
Ugaling kung ikaw hidlawon  
ang payaw imo lang lantawon.

Dandansoy, kung imo apason  
Bisan tubig di magbalon  
Ugaling kung ikaw uhawon  
Sa dalan magbubon-bubon.

Kumbento, diin ang cura?  
Munisipyo, diin justicia?  
Yari si dansoy makiha.  
Makiha sa pag-higugma,

Ang panyo mo kag panyo ko  
Dal-a diri kay tambihon ko  
Ugaling kung magkasilo  
Bana ta ikaw, asawa mo ako.

**Susing Tanong:**

1. Naunawaan mo ba ang awiting iyong binasa/inawit?

---

---

2. Ano ang mensahe ng kanta? Naintindihan mo ba ito?

---

---

3. Sino ang nagsasalita sa tula?

---

---

4. Ano-ano ang mga salitang magkatugma sa tula?

5. Ano ang sukat ng tula?

---

Isa sa mga tanyag na awiting-bayan ng kabisayaan ay ang Dandansoy. Ang awiting ito ay nasa wikang Hiligaynon. May bilang na walo (8) at siyam (9) na pantig bawat linya. Ang awiting ito ay pumapatungkol sa pag-ibig. Ito ay nagkukuwento ng pamamaalam kay Dandansoy ng kanyang kasintahan na umuwi sa kanila. Gayunpaman ay binibigyan ng babae ng pagkakataon si Dandansoy upang patunayan kung wagas ang kaniyang pag-ibig. Ang awiting ito ay may layuning mapatunayan ng isang lalaki ang kanyang pagsinta sa kaniyang iniibig.





## ***Suriin***

**Halina at ating alamin!**

Ang **tula** ay nagpapahayag ng marikit na pananalita. Ipinapahayag ito sa pamamagitan ng mga taludtod. Ang kalipunan ng taludtod ay tinatawag na taludturan o saknong.

### **Mga Elemento ng Tula**

1. **Sukat** – ito ay tumutukoy sa bilang ng mga pantig sa bawat taludtod.
2. **Tugma** – tumutukoy sa pinag-iisang tunog ng huling pantig ng huling salita sa bawat taludtod sa isang taludturan.
3. **Sining o Kariktan**- tumutukoy sa paggamit ng mga pili, angkop at maririkit na salita.
4. **Talinghaga**- ito ay tumutukoy sa paggamit sa tula ng matatalinghagang pananalita at mga tayutay.

### **Mga Uri ng Tula**

1. **Tulang Liriko**- ito ay nagpapahayag ng mga saloobin at damdamin ang makata. Direktang ipinapahayag ng manunulat ang kaniyang damdamin. Ang mga halimbawa nito ay ang **awit, soneto, oda, elehiya, at dalit**.
2. **Tulang Pasalaysay**- isang tula na may balangkas. Ito ay maaring maikli o mahaba, at ang kuwento na may kaugnayan sa maaring maging simple o kumplikadong pangyayari. Ang mga uri ng tulang pasalaysay ay ang **epiko, awit at korido**.
3. **Tulang Patnigan**- ito ay isang uri ng pagtatalong patula na ginagamitan ng pangangatwiran at matalas na pag-iisp. Ang mga uri nito ay **balagtasán, karagatan, duplo, at batutian**.
4. **Tulang Pantanghalan o Padula**- ang tulang ito ay karaniwang itinatanghal sa teatro. Binibigkas ito kung minsan ay sinasabayan ng ritmo o melodiya ng isang awitin.

Ang mga kahulugang binanggit sa itaas ay nagpapatunay na ang ang awit ay isa sa uri ng tula at ito ay magkaka-ugnay sa isa't isa. Ang **awit** ay isa sa uri ng tulang pasalaysay na binubuo ng **tig-aapat** na taludtod ang bawat saknong, na ang bawat taludtod ay may **labindalawahing pantig**, at ang tradisyonal na dulong tugma ay isahan. Nakasalalay sa manunulat ng awit ang paksa na nais niyang ipahiwatig sa kanyang tagapakinig.

Ngayong nalaman mo na ang kahulugan ng tula at naipaliwanag na rin sa iyo ang mga uri at elemento nito. Handa ka na bang sagutin ang mga susunod na mga gawain? Ihanda ang iyong sarili at isaalangalang ang iyong natutuhan sa modyul na ito.



## Pagyamanin

### A. Gawin Natin!

**Panuto:** Suriin at **piliin** sa kahon ang mga angkop na salita na maaring idugtong sa maikling tula. **Isulat** sa patlang ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.

tubig	pag-ibig
makasasagip	tubig

### Singsing ng Pag-ibig (Jose dela Cruz)

### Bilang ng Pantig

Ah! Sayang na sayang, sayang na 1. \_\_\_\_\_ 2. \_\_\_\_\_  
 Sayang na singsing kong nahulog sa 3. \_\_\_\_\_ 4. \_\_\_\_\_  
 Kung ikaw rin lamang ang 5. \_\_\_\_\_ 6. \_\_\_\_\_  
 Mahanga'y hintin kong kumati ang 7. \_\_\_\_\_ 8. \_\_\_\_\_



## Isagawa

### Gawin Mo!

Ngayong alam mo na ang kahulugan ng tula at naipaliwanag na rin sa iyo ang mga uri at elemento nito ay inaasahan ng iyong guro ang iyong lubos na pagkaunawa. Naibigay na rin sa iyo ang pagpapaliwanag patungkol sa awit na magiging basihan ng iyong gagawin mamaya sa modyul na ito. Sinabi na kanina ng iyong guro na ikaw ay gagawa ng sariling mong awitin gamit ang mga kumbensyon ng awit (*sukat, tugma, tayutay, talinghaga at iba pa*). Ihanda ang iyong sarili upang makalikha ng maayos.

**Panuto:** Gumawa ng sariling tula na may apat (4) na saknong na may sukat at tugma gamit ang mga natutuhan mo sa modyul na ito. Ang paksa ay isang taong iyong hinahangaan na maaring ang iyong ama, ang iyong ina, ate, kuya o sinuman sa iyong kapamilya. Maari mo ring idikit ang kanyang larawan. Gawing gabay ang mga pamantayan/rubriks na nakasulat ibabang bahagi.



<b>Pamantayan o Rubrics</b>				
<b>Napakagaling</b> (10)	<b>Magaling</b> (8)	<b>Katamtaman</b> (6)	<b>Nangangailangan ng Pagsasanay</b> (4)	<b>Nakuhang Puntos</b>
<p><b>SUKAT</b></p> <p>Gumamit ng mga angkop na sukat. Pareho lahat ng sukat sa bawat taludtod.</p>	<p>May isa o dalawang sukat na hindi akma sa isang taludtod.</p>	<p>Higit sa tatlo ang hindi akma ang sukat sa tula.</p>	<p>Walang ni isang pagtatangkang ginawa upang magamit ang sukat sa tula.</p>	
<p><b>TUGMA</b></p> <p>Gumamit ng napakahusay at angkop na tugmang mga pantig.</p>	<p>May mga isa o dalawang tugma na hindi angkop sa paggawa ng tula.</p>	<p>May higit sa tatlong pagkakataon na gumamit ng hindi angkop na tugma sa paggawa ng tula.</p>	<p>Walang tugma na ginamit sa paggawa ng tula.</p>	
<p><b>MENSAHE</b></p> <p>Napakalalim at napaka-makahulugan ang kabuoan ng tulang ginawa.</p>	<p>Malalim at makahulugan ang kabuoan ng tula.</p>	<p>Bahagyang malalim at makahulugan ang awit</p>	<p>Mababaw at literal ang kabuoan ng awiting ginawa.</p>	



## **Tayahin**

Ngayong natapos mo na ang aralin, sagutan mo ang mga sumusunod na katanungan upang matiyak ang iyong mga natutuhan sa modyul na ito.

**Panuto:** Suriin at basahing mabuti ang bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot. Ipakita mo ang iyong kahusayan sa pagsusuri ng tula/awitin.

### **“Ili-ili Tulog Anay”**

Ili-ili tulag anay,  
Wala diri imong nanay,  
Kadto tienda bakal papay,  
Ili-ili tulog anay.

\_\_\_\_\_ 1. Suriin ang awitin sa itaas na may pamagat na Ili-ili Tulog Anay na oyayi ng mga Ilonggo. Ilang pantig ang mabibilang sa bawat taludtod?

- a. 9            b. 7            c. 8            d. 10

\_\_\_\_\_ 2. Sa awiting Ili-ili Tulog Anay ilang taludod ang mabibilang sa isang taludturan o sagnong?

- a. 2            b. 3            c. 4            d. 5

\_\_\_\_\_ 3. Batay sa awit/tula na Ili-ili Tulog Anay, anong uri ng tugma ang ginamit?

- a. tugmang-tugma                      c. tugmang ganap  
b. tugmang di-ganap                    d. tugmang tuluyan

\_\_\_\_\_ 4. Sa iyong palagay, patungkol saan ang awiting Ili-ili na iyong kinanta/binasa?

- a. pagpapatulog ng bata                c. pampagising ng bata  
b. pagbibigay puri sa bata              d. pagbibihis ng bata

\_\_\_\_\_ 5. Ano ang masasalaming sa kaugaliang ipinakita ng taga bantay ng bata sa awitin/tulang iyong binasa?

- a. magugulatin                            c. masiglahin  
b. mahinahon                             d. malungkutin

- \_\_\_\_ 6. Ano uri ng tula ang “ili-ili Tulog Anay”?
- a. Tulang Lirik
  - b. Tulang Pasalaysay
  - c. Tulang Patnigan
  - d. Tulang Padula

**“Si Pelemon”**

Si Pelemon, Si Pelemon  
Namasol sa kadagatan  
Nakakuha, nakakuha  
Ug isda’ng tambasakan  
Guibaligya, guibaligya  
sa merkado’ng guba  
Ang halin puros kura,  
ang halin puros kura  
igo ra i panuba

- \_\_\_\_ 7. Tukuyin ang kaisipang nais ipahawatig ng awiting “Si Pelomon”?
- a. libangan ng mga Bisaya ang pangingsda
  - b. ang isa sa kabuhayan ng mga Bisaya ay pangingsda
  - c. ito ay patungkol sa isang nagtitinda
  - d. patungkol sa isang isda
- \_\_\_\_ 8. Ano ang kaugaliang makikita kay Pelomon sa awiting iyong inawit o binasa?
- a. siya ay batugan
  - b. siya ay mabait
  - c. siya ay masipag
  - d. siya ay masiyahin
- \_\_\_\_ 9. Ano uri ng tula ang “Si Pelemon” basi sa pinag-aralan mp kanina?
- a. Tulang Lirik
  - b. Tulang Pasalaysay
  - c. Tulang Patnigan
  - d. Tulang Padula

### **“Dandansoy”**

Dandansoy, bayaan ta ikaw  
Pauli ako sa payaw  
Ugaling kung ikaw hidlawon  
ang payaw imo lang lantawon.

Dandansoy, kung imo apason  
Bisan tubig di magbalon  
Ugaling kung ikaw uhawon  
Sa dalan magbubon-bubon.

Kumbento, diin ang cura?  
Munisipyo, diin justicia?  
Yari si dansoy makiha.  
Makiha sa pag-higugma,

Ang panyo mo kag panyo ko  
Dal-a diri kay tambihon ko  
Ugaling kung magkasilo  
Bana ta ikaw, asawa mo ako.

\_\_\_\_\_ 10. Sa awiting “Dandasoy” ilang taludturan o saknong ang mabibilang?

- a. 2                      b. 3                      c. 4                      d. 5

*Para sa bilang 11-14 ay ibigay ang sukat ng bawat pantig sa bawat taludtod. Piliin ang titik ng tamang sagot sa ibaba.*

Dandansoy, kung imo apason \_\_\_\_\_ 11.

Bisan tubig di magbalon \_\_\_\_\_ 12.

Ugaling kung ikaw uhawon \_\_\_\_\_! 13.

Sa dalan magbubon-bubon \_\_\_\_\_ 14.

- a. 7                      b. 9                      c. 10                      d. 8

15. Ang kaisipan ang makikita sa lirikong nasa ibaba?

Dandansoy, bayaan ta ikaw  
Pauli ako sa payaw  
Ugaling kung ikaw hidlawon  
ang payaw imo lang lantawon

- a. pinaglalapit ng isang awit ang dalawang nagmamahalan  
b. napakahirap ang paghihiwalay ng dalawang nagmamahalan  
c. masaya ang dalawa sa kanilang paghihiwalay  
d. sadyang naging tinanggap ang kanilang sinapit



## ***Karagdagang Gawain***

Sa iyong nabuong tula ay subukan mong lapatan ito ng himig at iparinig sa iyong mga magulang o mga kasama sa bahay upang makita nila ang iyong angking talino, talento at kahusayan.

### **Puna ng Magulang:**

---

---

---

---

---

---





## ***Susi sa Pagwawasto***

15.B  
14.D  
13.B  
12.D  
11.B  
10.C  
9.A  
8.C  
7.B  
6.A  
5.B  
4.A  
3.C  
2.C  
1.C

**Tayahin**

8. 12  
7. tubig  
6. 12  
5. makasagip  
4. 12  
3. tubig  
2. 12  
1. pag-ibig

**Pagymanin**

15.B  
14.B  
13.B  
12.A  
11.B  
10.A  
9.C  
8.A  
7.B  
6.C  
5.D  
4.A  
3.C  
2.B  
1.B

**Subukin**

## ***Sanggunian***

<https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6888>

Molina, Antoni J. 1946. Dandansoy: A Visayan Folk Song Mixed for chorus and piano. Philippines 1946

<https://www.worldcat.org/title/dandansoy-a-visayan-folk-song-for-mixed-chorus-and-piano/oclc/53066721>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)